File
10-12-10

Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
BAYAN NG SANTA CRUZ

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS SA BATASANG BAYAN, GUSALING ESCOLAPIA NOONG OKTUBRE 4, 2010, ARAW NG LUNES, SA GANAP NA IKA-9:30 NG UMAGA.

DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kagalang-galang LOUIE C. DE LEON | ... | PANG. PUNONG BAYAN<br>Tagapangulo |
| Kagalang-galang Ramon D. Tan | ... | Kagawad |
| Kagalang-galang Florencio C. Odejar | ... | Kagawad |
| Kagalang-galang Rizaldy N. Kalaw | ... | Kagawad |
| Kagalang-galang Laarni A. Malibiran | ... | Kagawad |
| Kagalang-galang Jun M. Asinas | ... | Kagawad |
| Kagalang-galang Rolando Moises E. Acapulco | ... | Kagawad |
| Kagalang-galang Serafin C. San Juan, Jr. | ... | Kagawad |
| Kagalang-galang John Carlos C. delos Reyes | ... | Kagawad – Pangulo / Sang. Kabataan |

DI-DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kagalang-galang Laura P. Obligacion | ... | Kagawad – may karamdaman |
| Kagalang-galang Isagani R. Malapaya | ... | Kagawad – Pangulo /Liga ng mga Barangay<br>nasa lakad opisyal |

**KAPASIYAHAN BLG. 175 - T2010**

**KAPASIYAHANG PINAGTITIBAY ANG KARAGDAGANG BADYET BLG. 2 NG BARANGAY POBLACION II NA NAGKAKAHALAGA NG TATLUMPU'T ANIM NA LIBO PITONGDAAN SIYAMNAPU'T DALAWANG PISO AT TATLUMPU'T SIYAM NA SENTIMOS (Php36,792.39) MULA SA EXCESS INTERNAL REVENUE ALLOTMENT (IRA) NA MAY KABUUANG HALAGANG Php47,978.25 UPANG ILAAN SA 20% DEVELOPMENT FUND (Php9,595.65); 10% SK FUND (Php4,797.83); 5% CALAMITY FUND (Php2,398.91) AT SEMINAR (Php20,000.00) NG NABANGGIT NA BARANGAY.**

**SAPAGKA'T**, iniharap at tinalakay ng sangguniang ito ang Karagdagang Badyet Blg. 2 ng Barangay ng Poblacion II sa bisa ng Kapasiyahan Blg. 53-T2010 / Kautusan sa Laang Gugulin Blg. 02-T2010 na nagpapatibay ng halagang Php36,792.39 mula sa Excess IRA na may kabuuang halagang Php47,978.25 upang ilaan sa 20% development fund (Php9,595.65); 10% SK fund (Php4,797.83); 5% Calamity Fund (Php2,398.91) at Seminar (Php20,000.00) ng nabanggit na barangay.

**SAPAGKA'T**, ang nasabing kahilingan ay napaliwat sa Lupon sa Pananalapi para sa pag-aaral at pagsusuri;

**SAPAGKA'T,** matapos ang pagsusuri at pag-aaral ng mga kasapi ng naturang lupon sa paglilipat at paglalaan ng pondo ng nabanggit na barangay ay inirekomendang pagtibayin na ito.

**SAPAGKA'T,** lahat ng mga laang gugulin ng barangay ay itinatagubiling iayon sa mga alituntunin sa pagbabadyet, pagtutuos at pag-a-awdit.

**KUNG KAYA'T, DAHIL DITO,** sa mungkahi ng Kagalang-galang Kagawad Rizaldy N. Kalaw (Pang. Tagapamuno ng Lupon sa Pananalapi), na pinangalawahan at sinang-ayunan ng lahat na ngayo'y kaharap, ay

**PINAGPASIYAHANG:** Pagtibayin ang Karagdagang Badyet Blg. 2 ng Barangay Poblacion II na nagpapatibay ng halagang Php36,792.39 mula sa Excess IRA na may kabuuang halagang Php47,978.25 upang ilaan sa 20% development fund (Php9,595.65); 10% SK fund (Php4,797.83); 5% Calamity Fund (Php2,398.91) at Seminar (Php20,000.00) ng nabanggit na barangay.

**INIUUTOS:** Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kagalang-galang Punong Bayan, Pambayang Ingat-Yaman, Pambayang Pinuno sa Badyet, Pambayang Tagatuos at Sang. Barangay ng Poblacion II, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

**PINAGTITIBAY.**

**PINATUTUNAYAN** kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

**JEANETTE P. ALFONSO**
Kalihim

NAGPATOTOO: **LOUIE C. DE LEON**
Pang. Punong Bayan
Tagapangulo

NAGPATOTOO:

**INHR. DOMINGO G. PANGANIBAN**
Punong Bayan